Pahayag ni **PATRICK KOLSTAD**, Kandidato para
**Miyembro, Konseho ng Lunsod ng Santa Clara, Puwesto 2**

**Trabaho:** Miyembro ng Konseho ng Lunsod ng Santa Clara, Puwesto #2
**Edukasyon at Kuwalipikasyon:** **Edad:** 66

Ako ay isang residente at may-ari ng bahay sa Santa Clara, kasal kay Terri Silva Kolstad at may dalawang anak na babae at isang apong babae. Ako ay nagtapos sa Unibersidad ng Estado sa San Jose at sumapi sa Kagawaran ng Pulisya ng Santa Clara kung saan higit sa 31 taon akong naglingkod. Pagkatapos kong magretiro bilang isang Sarhento ng Pulisya ako ay nahalal sa Konseho ng Lunsod ng Santa Clara noong 2000, 2004, at noong 2010. Habang naglilingkod bilang isang Miyembro ng Konseho ako ay nagtrabaho para sa mga panrehiyong solusyon sa mga problema sa trapiko; pinalawak ang mga pagkakataon sa abot-kayang pabahay; sinuportahan ang pampublikong kaligtasan na mataas ang kalidad; pinananatili ang mababababang presyo ng utilidad at ang taunang kampanyang paglilinis; bumoto para sa labindalawang balanseng badyet; at pinanatiling matatag ang pananalapi ng Santa Clara.

Sa mga panahong ito ng mahirap na kabuhayan ang karanasan at pamumuno ay mahalaga sa ating pagbangon. Habang isang miyembro ng Konseho ng Lunsod mula noong 2000 hanggang 2008 at 2010 hanggang 2014, ako ay dalawang beses na naglingkod bilang Bise Alkalde, Presidente ng Ahensiya ng Koryente ng Modesto-Santa Clara-Redding at Tagapangulo ng Ahensiya ng Koryente ng Hilagang California. Ako ay patuloy na nagtataguyod para sa mga isyu ng Lokal na Kontrol at Pampublikong Utilidad sa ating mga inihalal na kinatawan at mga tagapagpatupad ng regulasyon sa Sacramento at Washington D.C. Ako ay nagtatalaga ng sarili sa pangangasiwa ng trabaho ng Santa Clara sa isang bukas, etikal at propesyonal na paraan. Sa pamamagitan ng inyong suporta ipagpapatuloy ko ang paglilingkod sa Santa Clara. Bisitahin: www.patkolstadforcitycouncil.com